Tagalog

Vol.27 | 2022.09



Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation




- ···· Kailan
- ···· Magkano
- ···· Ilang tao
- ···· Paano mag-apply
- ···· Saan
- ···· Mag-apply sa
- ···· Makipag-ugnay sa

## Naghahanap — Kurso sa Wikang Hapon para sa mga Beginners

Ito ay klase para sa mga taong mag-aaral ng wikang Hapon sa unang pagkakataon.

**Ano ang iyong pag-aaralan?**

- Wikang Hapon para sa pamumuhay (wikang Hapon na ginagamit sa restawran, ospital, post office, pamimili, kapag may sakuna o emerhensiya)
- Hiragana, Katakana

**Sino ang maaaring mag-aral?**

- Mga naninirahan sa Ota City
- Mga nagtatarabaho sa Ota City
- Mga nag-aaral sa Ota City

Oktubre 2, 9, 16, 23, Nobyembre 6, 13, 20, 27, Disyembre 4, 2022
Linggo 1:15 pm hanggang 3:15 pm (9 beses)

1,500 yen (bayad para sa textbook/materyales)

15 katao

① HP
② Tanggapan
Global City Ota Cooperation Association
(Ota International Exchange Center (Minto Ota))
③ E-mail mail@ota-goca.or.jp
④ FAX 03-6410-7982



## Naghahanap — Klase sa Suporta sa Pag-aaral ng mga Bata

Ito ay klase para sa mga estudyante sa elementarya na nag-aaral ng wikang Hapon. Gawin ang mga takdang-aralin kasama ang boluntaryong guro.

**Ano ang iyong pag-aaralan?**

- Pagtulong sa mga takdang-aralin
- Pag-aaral ng mga salita sa aklat-aralin
- Pagbabasa ng mga aklat-aralin

**Sino ang maaaring mag-aral?**

- Mga estudyante mula ika-3 hanggang ika-6 na baitang sa elementarya
- Naninirahan sa Ota City
- Pumapasok sa elementarya sa Ota City

Setyembre 14, 21, 28, Oktubre 12, 19, Nobyembre 2, 9, 16, Disyembre 7, 14, 2022
Miyerkules 4:00 pm hanggang 5:30 pm (10 beses)

3,000 yen

10 katao

① HP
② Tanggapan
Global City Ota Cooperation Association
(Ota International Exchange Center (Minto Ota))
③ E-mail mail@ota-goca.or.jp
④ FAX 03-6410-7982

---

Ota International Exchange Center (Minto Ota) (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata)
2 minutong lakad mula Keikyu Kamata Station
8 minutong lakad mula east exit ng JR Kamata Station

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
E-mail mail@ota-goca.or.jp

# 【Mangyaring isaisip ang validity period ng iyong My Number Card】

Para sa mga dayuhang mamamayan na may nakapirming panahon ng pananatili, ang petsa ng pag-expire ng kanilang panahon ng pananatili ay ang validity period ng kanilang My Number Card. Kung na-renew ang panahon ng pananatili, kakailanganin palawigin ang validity period sa My Number Card. Mangyaring isagawa ang proseso nito sa Ota City Office Household Residents Registry Division o Ota City My Number Card Center bago ang expiration date ng panahon ng pananatili bago ang renewal. Kapag hindi mo ito nagawa, mag-expire ang iyong My Number Card at sisingilin ka para sa muling pag-isyu nito. Mangyaring kumpirmahin sa tanggapan para sa mga detalye.

Ota City's My Number Call Center
☎ 0570-03-3370
*Tumutugon sa wikang Ingles, Instik, Koreano
FAX 050-3737-9318
(Weekdays 9:00 am hanggang 5:00 pm)



# 【Sports Festival ng mga Mamamayan ng Ota City】

Sa "Sports Day", ang Ota City ay magbibigay ng mga pagkakataon upang maging pamilyar ang mga tao sa iba't ibang sports at recreational activities, upang mapalalim ang interes at pag-unawa sa sports sa mga mamamayan ng lungsod at madagdagan ang kanilang pagganyak rito. Ang paglahok kasama ang pamilya, mula sa mga bata hanggang matatanda, ay magbibigay ng mga pagkakataon mapaunlad ang komunidad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga residente, kabilang ang layunin ng pagsulong ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon, kalusugan, physical fitness, at pagganyak sa buhay. Bilang isang collaborative na kaganapan, magsasagawa ng walking event na nakasentro bagong Sports Health Zone sa Oktubre 23 (Linggo).

- Oktubre 10 (Lunes / Pista opisyal), 2022
- Mga sports facilities, parke, paaralan, atbp sa Ota City
- Ito ay karaniwang libre. Ang ilan ay may bayad.
- Mayroong kapasidad sa bawat venue.
- Karaniwang walang kailangan na aplikasyon. Ang ilan ay mayroong pre-application.
- Nakasaad sa programa ang tungkol sa pre-application.
- Public Interest Incorporated Foundation Ota Sports Association
  ☎ 03-5471-8787
  FAX 03-5471-8789
  E-mail info@sports-ota.or.jp

# 【Furuhama Beach Yoga】

Sa pamamagitan ng "Beach Yoga", mararamdaman mo ang hangin at araw sa labas at magbibigay-daan ito upang ma-reset din ang iyong isip at katawan. Ang "Morning Yoga" ay ginagawa at ini-enjoy sa harap ng dagat, sa ilalim ng araw sa umaga, at ang "Sunset Yoga" naman ay ginagawa sa paglubog ng araw upang ma-refresh mula sa pagod ng araw. Subukan ang yoga na patok sa parehong mga lalaki at babae!


- Morning Yoga: Okrubre 8 (Sabado) 10:00 am hanggang 11:00 am
  Sunset Yoga: Setyembre 11 (Linggo) 4:30 pm hanggang 5:30 pm
- Omori Furusato-no-Hamabe Park Beach Area
  1-37-1 Omori-Higashi, Ota-ku
- Libre
- Hanggang mga 30 katao at gagamit sila ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod.
- Ang pagtanggap ay gagawin sa mismong araw at lugar
- Sports Promotion Division
  Lunes hanggang Biyernes, 9:00 am hanggang 5:00 pm
  Sarado sa Sabado, Linggo, at Pista Opisyal
  ☎ 03-5744-1441　FAX 03-5744-1539
  E-mail sports@city.ota.tokyo.jp

## 【Espesyal na Exhibition para sa Pagdiwang Paggunita ng Ika-3 Anibersaryo ng Pagbubukas ng Katsu Kaishu Memorial Museum "Koleksyon ng mga Materyales ~Mga Pinangalagaang "Makasaysayang Pamana" ni Kaishu~"】

Sa Setyembre 7,2022, ipagdiriwang ng Katsu Kaishu Memorial Museum ang ika-3 anibersaryo ng pagbubukas nito. May kabuuang 20 aytem (higit sa kalahati nito ay ipapakita sa unang pagkakataon) ang ipapakita sa first halft at second half ng exhibition na ito, at ipaparating namin ang mga resulta at kahalagahan ng mga koleksyon at panunumbalik ng mga materyales na ito, na naging posible dahil sa donasyon ng maraming tao.



Damit ni Kaishu (Kataginu at Jin-gasa)



Mga materyales na nauugnay kay Takamori Saigo na pagmamay-ari ni Kaishu

(First half ng exhibition) Setyembre 2 (Biyernes) hanggang Oktubre 30 (Linggo), 2022
(Second half ng exhibition) Nobyembre 3 (Huwebes) hanggang Disyembre 25 (Linggo), 2022
■ Oras na bukas ang Museum 10:00 am hanggang 6:00 pm
*Lunes (susunod na araw kapag ito ay pista opisyal)
*Sarado ang museo dahil sa pagpapalit ng mga display sa Agosto 29 (Lunes) hanggang Setyembre 1 (Huwebes) at Oktubre 31 (Lunes) hanggang Nobyembre 2 (Miyerkules).
*Mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.

■ Bayad sa pagpasok
Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school 100 yen (may iba't-ibang discounts)

Katsu Kaishu Memorial Museum
〒145-0063 2-3-1 Minami-Senzoku, Ota-ku
☎ 03-6425-7608
FAX 03-6425-7610

## 【Impormasyon tungkol sa Grant-type Scholarship】

Sa Ota City, mayroong sistema ng grant-type scholarship para sa mga may balak na pumasok sa high school, atbp, at nakatugon sa tiyak na grade criteria na kabilang sa tax-exempt na mga sambahayan.
*Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan tungkol sa mga kinakailangan at pamantayan sa pagpili.

Unang bahagi ng Setyembre hanggang unang bahagi ng Nobyembre
80,000 yen
70 katao
Dalhin o ipadala sa koreo ang mga kinakailangang dokumento sa tanggapan ng aplikasyon



Welfare Management Division
〒144-8621 5-13-14, Kamata, Ota-ku 8th floor
☎ 03-5744-1245 FAX 03-5744-1520

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Paano mag-apply ···· Saan ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

# 【Aplikasyon para sa Admission sa Nursery School mula Abril 2023】

## 【Aplikasyon para sa Admissyon sa Licensed Nursery School】

### ● Para kanino

Mga bata na hindi makatanggap ng pangangalaga sa bahay dahil sa trabaho (pati ang naghahanap ng trabaho), sakit, panganganak, pag-aalaga, pagpasok sa paaralan, atbp. ng kanilang guardian

### ● Pamamahagi ng mga kinakailangan na dokumento

Ang 2023 na bersyon ng "Guidebook para sa Aplikasyon para sa Admission" at ang kinakailangan na form para sa aplikasyon ay ipamamahagi mula Setyembre 26 (Lunes) sa lugar na papatunguhan ng mga aplikasyon, kaya't mangyaring kumpirmahin ang paraan ng aplikasyon, atbp.

Para sa mga may banyagang nasyonalidad, kinakailangan kumpirmahin ang kanilang status of residence.

### ● Mga pag-iingat

Kung mayroon mga pagkain na hindi maaring kainin dahil sa relihiyon, mangyaring ipaliwanag ito sa oras ng aplikasyon.

### ● Pagtanggap sa Holiday

Nobyembre 6 (Lunes), 9:00 am hanggang 4:00 pm
Isasagawa ang pagtanggap sa ika-3 palapag ng Ota City Office Nursery Services Division.



Oktubre 3 (Lunes) hanggang Nobyembre 30 (Miyerkules), 2022

Sumangguni sa lugar na papatunguhan ng aplikasyon

Dalhin ang mga kinakailangang dokumento sa lugar na patutunguhan para sa aplikasyon

【Aplikasyon para sa Admissyon sa Licensed Nursery School】
● Ika-3 palapag ng Ota City Office　Nursery Services Division, Nursery Usage Support
5-13-14 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1280　FAX 03-5744-1715

Kung mayroong hindi maintindihan sa pagsagot ng application form, mayroong gustong ikonsulta, atbp., mangyaring makipag-ugnay sa Nursery Services Division.

Inisyu ng　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-0052 Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku, Tokyo
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.